

East Link Connections

Ang East Link Connections (Mga Koneksyon ng East Link) ay isang pinagtutulungan, at sama-samang pinamumunuang proseso para sa pagpapabuti ng mga koneksyon sa transit sa buong Eastside habang pinapalawak ang serbisyo ng Link light rail hanggang 2024.

Mga Layunin:

- Pagbutihin ang mobility para sa mga populasyon na may prayoridad, ayon sa [Mobility Framework \(Framework sa Pagbiyahe\)](#) ng Metro, kabilang ang mga hindi napagsisilbihan/hindi sapat na napagsisilbihang populasyon
- Makatarungang magbigay ng kaalaman, isama, at magbigay ng kapangyarihan sa mga kasalukuyan at potensyal na customer
- Maghatid ng konektadong serbisyo na tumutugon sa pagpapalawak ng Link
 - Bawasan ang pagdoble ng serbisyo ng bus sa Link
 - Pagbutihin ang mga koneksyon sa Link
 - Makipagsabayan sa Metro Connects, at mga kinakailangan sa mobilidad sa kasalukuyan at sa hinahrap



Mga Lugar: Bellevue, Bothell, Clyde Hill, Duvall, Issaquah, Kenmore, Kirkland, Lake Forest Park, Medina, Mercer Island, Newcastle, Redmond, Renton, Sammamish, Seattle (Chinatown/International District, Central District, Mt Baker, and Rainier Valley), Woodinville, Yarrow Point

Mga Potensyal na Apektadong Ruta at Serbisyo: 8, 111, 114, 167, 204, 212, 214, 216, 217, 218, 219, 221, 224, 225, 226, 232, 237, 240, 241, 245, 246, 249, 250, 252, 257, 268, 269, 271, 311, 342, 541, 542, 544, 545, 550, 554, 555, 556, 630, B Line, 930, 931.

Tungkol sa Proyekto


Ang layunin ng proyekto ay magpatupad ng pinagtutulungang panrehiyong network ng transit sa Eastwood na nagdadala sa mga tao sa mga lugar na kailangan at gusto nilang puntahan.

Pagdating ng 2024, magbubukas ang Sound Transit ng 12 bagong estasyon ng light rail na nagkokonekta sa downtown Seattle at Eastside. Sa 2023, ang East Link, o ang 2 Line, ay magkokonekta sa umiiral na alignment sa Chinatown/International District (Chinatown/Internasyonal na Distrito) ng Seattle, at papalawakin hanggang Judkins Park, sa kabilang panig ng I-90 hanggang Mercer Island at South Bellevue, na dumadaan sa downtown Bellevue at sa Bel-Red area hanggang Redmond Technology Station. Sa 2024, ang Downtown Redmond Link Extension (Pagpapalawak ng Link sa Downtown Redmond) ay magdadagdag ng dalawa pang estasyon ng light rail sa 2 Line na nagsisilbi sa Marymoor Village malapit sa Marymoor Park sa timog-silangang Redmond, at sa sentro ng tirahan at negosyo ng downtown Redmond. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa [East Link](#) at Downtown [Redmond Link](#) extension sa website ng Sound Transit.

Para paghandaan ang pagpapalawak ng serbisyo ng Link light rail, tumugon sa mga nagbabagong kinakailangan sa mobalidad, at pagbuthin ang pagbiyahe at access para sa mga populasyon namay kasaysayang hindi sapat na napagsisilbihan, nagsisimula ang Metro at Sound Transit ng isang proyekto para sa mobalidad sa Eastside ng King County na nagsisilbi sa mga komunidad mula sa Bothell at Woodinville hanggang Issaquah at Mercer Island. Maghahatid ang proyekto ng na-update na network ng mobility na kumonekta at binubuo ang bagong serbisyo na Link light rail ng Sound Transit. Magkasamang pinamumunuan ng Metro at Sound Transit ang proyekto katulong ang maraming kasosyong ahensya at mga kasosyo sa lugar. Magsisimula ang pagpapatupad ng na-update na network ng mobility sa 2023, kasabay ang unang pagbabago sa serbisyo kasunod ng pagbukas ng serbisyo ng light rail service sa pagitan ng International District/Chinatown Station at Redmond Technology Station, kasunod ng dalawang karagdagang istasyon sa 2024 na nagsisilbi sa SE Redmond at downtown Redmond.

Kasalukuyang Network

East Link Connections Phase 1 Study Area and Routes



East Link Connections Phase 1 West Study Area and Routes



Pakikilahok ng Komunidad

Survey sa East Link Connections Transit Needs (Mga Pangangailangan sa Transit ng East Link Connections): Bukas mula Abril 5 – 25, 2021

Tumulong sa pagpapalano ng hinaharap ng transit sa Eastside; sabihin sa amin kung paano mapapabuti ang mga koneksyon sa Eastside habang pinapalawak ang serbisyo ng Link light rail hanggang 2024.

Available ang survey sa [Ingles](#), [Espanyol](#), [Pinasimpleng Chinese](#) at [Tradisyonal na Chinese](#), [Koreano](#), [Russian](#), [Vietnamese](#), [Hindi](#) and [Tagalog](#), and bukas ito hanggang April 25, 2021.

Pagpili para sa Mobility Board (Lupon sa Mobilidad)

Ang Metro at Sound Transit ay nasa proseso ng pagpili ng mga miyembro ng komunidad para maging bahagi ng East Link Connections Mobility Board.

Bubuo ang Metro at Sound Transit ng isang Mobility Board na makatarungang kinakatawan ang mga grupo ng mga tao na, batay sa kasaysayan, naiwan sa mga pag-uusap tungkol sa paggawa ng mga desisyon na kaugnay ng transit at mas malubhang naapektuhan ng mga desisyong ito. Ang pangunahing tungkulin ng Mobility Board ay makipagtulungan sa mga tauhan ng Metro at Sound Transit para bumuo at magpahusay ng magkakaugnay na rehiyonal na network ng transit sa Eastside.

Kabilang sa mga miyembro ng Mobility Board ang:

- Mga Black, Indigenous, and People of Color (Lahing Itim, Katutubo, at Hindi Lahing Puti); mga taong may pisikal at/o kognitibong kapansanan; mga taong mababa o walang kita; mga taong nakakaranas ng kawalan ng tahanan o walang siguradong matitirhan; mga imigrante at/o refugee; at mga taong may iba-ibang wika.
- Mga sumasakay sa transit at mga posibleng sumakay sa transit na nakatira, nagtatrabaho, o bumibiyaha sa loob ng mga apektadong komunidad (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga area sa silangan at timog ng Kenmore, sa silangan ng mga tulay ng I-90 at SR 520, sa hilaga ng silangang Renton, at kanluran ng Sammamish at Issaquah)
- Mga dala ang kanilang pananaw bilang indibidwal, nang hindi kinakatawan ang mga interes ng mas malaking grupo o organisasyon
- Mga may kakayahang ikonekta ang hindi pagkakapantay-pantay ng lahi, mga isyu sa transportasyon, at access sa mga oportunidad

East Link Connections Partner Review Board (Lupon sa Pagsusuri sa Kasosyo ng East Link Connections)

Dagdag pa sa indibidwal na pakikipag-ugnayan sa mga kasosyo sa proyekto at mga stakeholder, bubuo ang Metro at Sound Transit ng team para magsilbi bilang lupon sa pagsusuri ng konsepto ng mga panlabas na stakeholder. Ang pangunahing tungkulin ng Partner Review Board ay suriin at magbigay ng komento sa mga konsepto ng serbisyong binuo ng Mobility Board, Metro, at Sound Transit, pati na rin magbigay ng

gabay sa mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan at mga plano sa pagpapatupad na sa huli ay magreresulta sa matagumpay na pagpapatibay at pagpapatupad ng pagbabago sa serbisyo.

Kabilang sa lupon ang mga kinatawan mula sa mga hurisdiksyon at pangunahing institusyon sa lugar ng proyekto, mga lider ng mga organisasyong nakabatay sa komunidad, at mga kinatawan mula sa mga kasosyong ahensya ng transit.

Timeline

Disyembre 2020 – Pebrero 2021

Tukuyin ang mga stakeholder sa komunidad, mga pangangailangan, at prayoridad. Kokolekta ang Metro at Sound Transit ng nabibilang at di-nabibilang na data at tutukuyin nila ang mga hadlang sa paggamit ng transit, pati na rin mga pagpapabuti na maghihikayat sa higit na paggamit ng transit.

Tagsibol 2021

Bubuo ng mga iminumungkahing konsepto para sa mga pagbabago sa serbisyo at kokolekta ng pampublikong feedback sa pamamagitan ng mga survey, direktang pakikipag-ugnayan, at sa mga event ng komunidad.

Tag-init 2021

Magpapakilala sa publiko ng iminumungkahing network ng pagbabago sa serbisyo at mga nalikom na feedback sa pamamagitan ng mga survey, virtual na pagpupulong ng komunidad, at sa mga event ng komunidad (depende sa Healthy Washington – Road to Recovery (Malusog na Washington – Daan sa Pagbangon)).

Taglamig 2022

Ire-rebisa at tatapusin ang inirerekomandang network batay sa input ng publiko at rekomendasyon ng Mobility Board.

Tag-init – Taglagas 2022

Ipapakita ang mga rekomendasyon ng Metro para sa mga pagbabago sa King County Council (Konseho ng King County).

Ipapakita ng Sound Transit ang mga inirerekomandang pagbabago sa Board of Directors (Lupon ng Mga Direktor) ng Sound Transit.

2023 – 2024

Ang mga pinagtibay na pagbabago sa naka-iskedyul na serbisyo ng bus ay sasabay sa pagbukas ng mga extension ng Link ng Sound Transit sa pagitan ng International District/Chinatown Station at Redmond Technology Station sa 2023 at kasunod ng extension sa Redmond Town Center sa 2024.

Sabihin Sa Amin Kung Anong Nasa Isip Mo

Makipag-ugnayan sa amin

Tristan Cook

Metro Senior Communications and Engagement Planner

Gunner Scott

Metro Senior Communications and Engagement Planner

Corrie Adams

Sound Transit Senior Engagement Specialist

haveasay@kingcounty.gov

[\(206\) 263-1939](tel:(206)263-1939)